

GRADE 2

# Leveled Reader in Filipino

# Nagsimula sa Parisukat




Kuwento ni Yvette Tan
Guhit ni Rea Diwata Mendoza




“Bb. Rosa, gusto ko pong gumuhit ng elepante. Hindi ko po alam kung papaano. Puwede ninyo ba akong tulungan?” ang sabi ko.




“Siyempre naman,” sabi ni Bb. Rosa.
“Anong hitsura ng elepante?” tanong niya.




“Malalaki sila,” sabi ko.
“Tama! Malalaki sila,” sabi ni Bb. Rosa.
“Ano pa ang masasabi mo tungkol sa elepante?” tanong niya.




“May apat silang matatabang paa,” sabi ko.
“Tama! May apat silang matatabang paa,” sabi ni Bb. Rosa.
“Ano pa ang masasabi mo tungkol sa elepante?” tanong niya.




“Malaki ang ulo nila,” sabi ko.
“Tama! Malaki ang ulo nila,” sabi ni Bb. Rosa.
“At may mahaba silang nguso!” sabi ko.
“Ano pa ang masasabi mo tungkol sa elepante?” tanong niya.



"Malaki ang tainga nila,"
sabi ko.
"Tama! Malaki ang tainga
nila," sabi ni Bb. Rosa.
"Ano pa ang masasabi
mo tungkol sa elepante?"
tanong niya.



“Mayroon silang mahabang buntot,” sagot ko.
“Tama! Mahaba ang buntot nila,” sabi ni Bb. Rosa.
“At siyempre, may dalawa silang mata,” sabi ko.



"Ayan, nakagawa ka na ng elepante!" sabi ni Bb. Rosa.
"Oo nga po!" sagot ko.
"Nagsimula ako sa isang parisukat."
"Ano pa ang ibang hayop ang maiguguhit mo gamit ang parisukat?" tanong ni Bb. Rosa.

KAGAWARAN NG EDUKASYON
REPUBLIKA NG PILIPINAS

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE